REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-202

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKALOOB AT PAGLALAAN NG ISANG LAGAY NA LUPA NA MAY SUKAT NA HINDI BABABA SA 200 METRO CUADRADO UPANG MAPAGTAYUAN NG SUB-STATION NG PAMATAY-SUNOG SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

**********************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Rey E. Bulay

**********************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay naglaan ng sapat na pondo para sa pagbili ng mga lupa (land acquisition) na mapagtatayuan ng mga paaralan, health centers, liwasan, day-care centers, istasyon ng pulisya at pamatay-sunog at iba pang mga gusaling-pambayan;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay isang lumalaki at mabilis na umuunlad na bayan sa Kalakhang Maynila at inaasahang magiging lungsod sa malapit na panahon at tinatayang magiging pangunahing suliranin ay ang kaayusan at katahimikan nito sa pagdagsa ng tao, mga mangangalakal at pagtayo ng iba't-ibang industriya at komersiyong establisimento;

SAPAGKAT, ang Bureau of Fire Protection sa ilalim ng Department of Interior and Local Governments ay naglalayong magkaloob sa pamahalaang bayan ng kaukulang halaga para sa pagpapatayo ng isang fire sub-station at ang paglalaan ng isang ambulansiya at paramedic na itatalaga dito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may nakalaan ng lupa na mahigit sa 200 metro cuadrado upang mapagtayuan ng isang fire sub-station;

SAPAGKAT, ang pagtutulungan ng Bureau of Fire Protection at ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa mga makabuluhang gawain tulad nito para sa kapakanan ng taong-bayan ay isang mabuting palatandaan na ang bawat sangay ng pamahalaan kung magtutulungan at magka-agapay sa isang adhikain, ang bansang ito ay mabilis na susulong;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na magkaloob at maglaan ng isang lagay na lupa na may sukat na hindi bababa sa 200 metro cuadrado upang mapagtayuan ng sub-station ng pamatay-sunog sa Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINAGTIBAY ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Disyembre, 1994 sa Session Hall, People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan